2

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Paggawa ng Mabuti sa Kapuwa




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_EsP 2_Module 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Paggawa ng Mabuti sa Kapuwa**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Eloisa A. Elemento |
| **Patnugot:** | Nelson L. Oliva, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Jose C. Tala, Feligena F. Bugay, Ariel C. Lansang, Rosalinda S. Ibarra, Joselita B. Gulapa |
| **Tagaguhit:** | Oliver V. Arevalo, Eloisa A. Elemento |
| **Tagalapat:** | Sweet Hazel E. Dordines, Dorely Eliza P. Dela Cruz |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Joselita B. Gulapa, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Ariel C. Lansang, Feligena F. Bugay, Jose C. Tala |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ______________________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Region III**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Paggawa ng Mabuti sa Kapuwa

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Inihanda ang modyul na ito upang lubos mong malaman at matutuhan ang mga mabubuting asal na dapat taglayin ng isang batang Pilipinong katulad mo.

Tatalakayin sa modyul na ito na ang paggawa ng mabuti sa kapuwa ay isang kaaya-ayang pag-uugali.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang nakapaglalahad na ang paggawa ng mabuti sa kapuwa ay pagmamahal sa sarili. (EsP2P-IIf-11)

# Subukin

**Panuto:** Sa iyong sagutang papel, gumuhit ng puso sa bawat bilang at kulayan ang mga ito sa pamamagitan ng pagpili ng kulay na katumbas ng gawaing ipinapakita sa bawat larawan.


Asul – kinukumusta ang kaibigan

Pula – pagsauli ng nahulog na gamit sa may-ari


Dilaw – ibinabahagi ang pagkain sa kalaro

Berde – inaalalayan ang matanda

Kahel – pinagbubukas ng pinto ang kapatid



1.



2.



3.



4.



5.

| Aralin 1 | Paggawa ng Mabuti sa Kapuwa |
|---|---|

Ang paggawa ng kabutihan para sa ating kapuwa ay itinuturo na ng ating mga magulang bago pa man tayo magsimulang mag-aral. Isa itong magandang kaugalian ng pakikipagkapuwa-tao at pagtulong sa mga nangangailangan. Nagdudulot din ito ng saya at kahinahunan sa ating kalooban kaya naman dapat itong sanayin na gawin sa araw-araw.

## *Balikan*

**Panuto:** Basahin isa-isa ang bawat pangungusap. Isulat sa iyong sagutang papel ang tsek (✓) kung ito ay nagpapakita ng pagbabahagi ng anumang mayroon ka sa iyong kapuwa at ekis (x)kung hindi.

_______ 1. Binigyan ni Ana ng biskwit ang kaniyang kalaro.

_______ 2. Tinuruan ni Nicole magpinta ang kaniyang kapatid na si Niña.

_______ 3. Ibinigay ni Nico ang kaniyang mga pinagliitang damit sa kaniyang pinsan.

_______ 4. Hindi ipinahiram ni Karen ang lapis na hinihiram ng kaniyang kaklase.


_______ 5. Tinulungan ni Leny ang kaklase niyang nahihirapan sa pagbabasa.

## *Tuklasin*

Basahin ang tula. Tukuyin ang mga gawain na nagpapakita ng paggawa ng kabutihan sa ating kapuwa.

### Mabuting Bata


ni Eloisa A. Elemento



Mabuting bata, iyan ang
tawag kay Lani,
Mahal at kinagigiliwan siya
ng marami.
Pagbati at pagngiti,
Ang ibinibigay niya palagi.



Kaniyang baon ay handang
ibahagi,
Kahit matira ay kaunti.
Sa labi ay matamis na ngiti
Ang namumutawi.



Pag-aalaga kay Lola Lily,
At pagtulong sa gawaing
bahay,
Laking ginhawa kay Nanay
Sally.

Maligaya ang batang munti,
Kapag sa kapuwa ay
nakagagawa ng mabuti,
Kahit ito ay sa kaniyang
paraang munti.

Tunay ngang kawili-wili,
Ang batang mabuti,
Na ang pangalan ay Lani.

**Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong sa bawat bilang. Isulat sa sagutang papel ang titik ng iyong sagot.

1. Mula sa unang saknong ng tula, anong kabutihan ang ginawa ni Lani sa ibang tao na nagpapakita ng pagmamahal sa sarili?
   A. pagbati at pagngiti sa ibang tao
   B. pagtulong sa kapuwa
   C. pagbabahagi ng baon sa iba
   D. pagiging magalang sa nakatatanda

2. Mula sa ikalawang saknong ng tula, paano napasaya ni Lani ang sarili sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan sa kaniyang kapuwa?
   A. sa pagbabahagi ng kaniyang baon sa iba
   B. sa pagpapahiram ng kaniyang laruan sa kapatid
   C. sa pagsunod sa utos ng kaniyang mga magulang
   D. sa paglilinis ng kanilang bakuran

3. Paano napapaligaya ni Lani ang kaniyang sarili?
   A. Sa pamamagitan ng paggawa niya ng mabuti
   B. Sa pamamagitan ng hindi niya pagsunod sa utos ng mga nakatatanda
   C. Sa pamamagitan ng pagliban niya sa klase
   D. Sa pamamagitan ng pagsagot ng pabalang sa kaniyang magulang

## Suriin

Ang paggawa ng mabuti sa kapuwa ay hindi dapat binabayaran ng materyal na mga bagay kundi dapat ito ay bukal sa kalooban o kusang ibinibigay sa bawat taong nangangailangan ng tulong. Kahit maliit at simple lamang ang tulong na kayang ibigay ito ay may malaking epekto sa taong tinutulungan. Ito ay hindi kayang pantayan ng kahit na anong halaga ng pera.

Mahalaga ang paggawa ng mabuti sa kapuwa dahil ipinakikita nito ang pagpapahalaga at pagmamahal sa kapuwa at sa sarili. Nagdudulot ito sa atin ng kaligayahan at kagaanan ng kalooban lalo na kung ito ay kusang loob na ginagawa. At kapag napapasaya natin ang ating sarili, ito ay nagpapahayag na rin ng pagmamahal sa ating sarili.


Narito ang ilang halimbawa ng paggawa ng mabuti sa kapuwa na nagpapakita din ng pagmamahal natin sa ating sarili.



Pagpapahiram ng gamit sa kaklase




Pagbibigay ng donasyon sa mga nangangailangan



Pagtulong sa kapuwa



Pagtulong sa gawaing bahay

# *Pagyamanin*

**Panuto:** Iguhit ang masayang mukha ☺ sa iyong sagutang papel kung ang sitwasyon ay nagdudulot sa iyo ng kaligayahan at kagaanan ng loob, at malungkot ☹ naman kung ito ay nagdudulot sa iyo ng mabigat na damdamin.

| Mga Sitwasyon | Sagot |
|---|---|
| 1. Tinutulungan si nanay sa pagwawalis sa bakuran. | |
| 2. Nagbabahagi ng baon ang kaklase. | |
| 3. Hindi isinasali sa laro ang kapatid. | |
| 4. Nagmamano sa nakatatanda. | |
| 5. Pinapasilong sa payong ang kaklase. | |

## *Isaisip*

**Panuto:** Punan ng angkop na salita ang mga patlang upang mabuo ang talata. Pumili ng sagot sa loob ng kahon at isulat ito sa iyong sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| pagmamahal | sarili | mabuti |
| kaligayahan | pagmamahal | |

Ang paggawa ng (1) ____________________ sa kapuwa ay isang paraan ng pagpapahalaga at (2)________________________ sa kapuwa at sa ating (3)________________________. At bilang resulta, nagdudulot din ito sa atin ng (4) ___________________________ at kagaanan ng loob lalo na kung ito ay bukal sa ating kalooban. At kapag napapasaya natin ang ating sarili, ito ay nagpapahayag ng (5)_____________________________ natin sa ating sarili.

## *Isagawa*

**Panuto:** Basahin ang sitwasyon sa ibaba. Sagutin at isulat ang titik ng iyong sagot sa sagutang papel.

<u>Sitwasyon 1</u>:

Nakita mong nadapa ang kaklase mo at nasugatan. Ano ang gagawin mo?

A. Tutulungan ko siyang makatayo at gagamutin ang kaniyang sugat.
B. Tutulungan ko siyang makatayo.
C. Gagamutin ko ang kaniyang sugat.
D. Tutulungan ko siyang makatayo at sasamahan ko siya sa aming guro para magamot ang kaniyang sugat.

<u>Sitwasyon 2</u>:

Umiiyak ang kapatid mo dahil nasira ang kaniyang laruan. Ano ang gagawin mo?

A. Bibigyan ko siya ng ibang laruan.
B. Bibilhan ko siya ng bagong laruan.
C. Itatapon ko na ang sira niyang laruan.
D. Lilibangin ko na lang siya para hindi na siya iiyak.

**Sitwasyon 3:**

Nakita mong nahihirapang magbuhat si Aleng Beng ng kaniyang mga pinamili. Ano ang gagawin mo?

A. Aakayin ko siya hanggang sa makarating sa kanilang bahay.
B. Tutulungan ko siyang magbuhat ng kaniyang mga pinamili.
C. Kukuwentuhan ko siya hanggang sa makarating sa bahay nila.
D. Magmamano ako kay Aling Beng.

**Sitwasyon 4:**

Nakita mong nagkamali sa pagsusulat ang iyong kaklase. Ano ang gagawin mo?

A. Pahihiramin ko siya ng pambura.
B. Papayuhan ko siya na ulitin niya ang kaniyang pagsusulat.
C. Bibigyan ko siya ng bagong papel.
D. Pahihiramin ko siya ng lapis.

**Sitwasyon 5:**

Nakita mong nagwawalis ang iyong nanay sa inyong bakuran. Ano ang gagawin mo?

A. Kukuwentuhan ko si nanay para hindi siya mapagod.
B. Sasayawan ko si nanay para maging masaya siya.
C. Kukuha ako ng pandakot at tutulungan si nanay.
D. Pipitas ako ng bulaklak at ibibigay kay nanay.


## *Tayahin*


**Panuto:** Tukuyin ang mga sitwasyon na nagpapakita ng paggawa ng mabuti ay pagmamahal sa sarili. Kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng kaligayan dahil sa paggawa ng mabuti, iguhit ang hugis ng sitwasyon sa unang kahon at sa ikalawang kahon naman kung hindi. Sundan ang halimbawa. Gawin ito sa iyong sagutang papel.


○ May nakita kang pitaka sa ibabaw ng mesa, hinanap mo ang may-ari at ibinalik ito sa kaniya.


△ Hindi mo tinulungan ang iyong kaklase na hirap sa pagbubuhat ng aklat.

♡ Tinulungan mong makatayo ang nadapa mong kaklase at dinala mo siya sa klinika upang magamot ang kaniyang sugat.

Inalalayan mo ang isang babaeng may kapansanan.


Binigyan mo ng baon ang iyong kaklase na walang baon.

Hindi mo pinasukob sa iyong payong ang iyong kaklase na nakita mong nababasa na sa ulan.

| Sitwasyon na nagpapakita ng kaligayahan dahil sa paggawa ng mabuti | Sitwasyon na hindi nagpapakita ng kaligayahan dahil sa paggawa ng di- mabuti |
|---|---|
|  | |

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Iguhit mo ang iyong sarili sa loob ng bilohaba. Magsulat sa loob ng call-out ng limang (5) mabuting katangian na maglalarawan sa iyo tulad ng halimbawa sa isang call-out.



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin:**

1. Dilaw
2. Asul o Pula
3. Asul o Pula
4. Kahel
5. Berde

**Balikan**

1. ✓
2. ✓
3. ✓
4. X
5. ✓

**Tuklasin:**

1. A
2. A
3. A

**Pagyamanin:**

6.–10.



**Isaisip**

1. mabuti
2. pagmamahal
3. sarili
4. kaligayahan
5. pagmamahal

**Isagawa**

Sitwasyon 1: D



Sitwasyon 2: A

Sitwasyon 3: B

Sitwasyon 4: A

Sitwasyon 5: C

**Tayahin:**

| Mga ng sitwasyon na nagpapakita ng kaligayahan para sa sarili dahil sa paggawa ng mabuti | Mga ng sitwasyon na di-nagpapakita ng kaligayahan para sa sarili dahil sa paggawa di-mabuti |
|---|---|
|  |  |

**Karagdagang Gawain**

Sariling sagot

# *Sanggunian*

DepEd Resources et al., "Grade 2 Teachers Guide | K To 12 Curriculum", Deped Resources, 2020, https://www.depedresources.com/grade-2-teachers-guide-k-to-12-curriculum/.

Guia-Biglete, Victoria, Maria Carla Mabulay- Caraan, Rolan Baldonado Catapang, and Isabel Monterozo-Gonzales. "Grade 2 LM". K12 resources, 2020. https://k12resources.wordpress.com/k12-learning-materials/grade-2-lm/

Guia-Biglete, Victoria, Maria Carla Mabulay-Caraan, Rolan Baldonado Catapang, and Isabel Monterozo-Gonzales. K12resources.Files.Wordpress.Com. Accessed 14 July 2020. https://k12resources.files.wordpress.com/2013/11/g r-2-esp-tg.pdf

Materials, Teaching, Reading Articles, and Be Contributor. "Most Essential Learning Competencies (MELC) KG To Grade 12 SY 2020-2021". Deped Click, 2020. https://www.deped-click.com/2020/05/most-essential-learning-competencies.html.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph